

PAHINA NG PAYO

Pagkakasunod-sunod sa Pagsisintas ng Sapatos

Maraming mga bata ang kailangan ang tulong sa pagkatuto sa bagong mga kasanayan. Ang isa-isahin ang mga hakbang na ito sa mga bata ay makatutulong sa kanila na matutunan ito. Ang bilang ng hakbang sa kasanayan o gawain ay hinahati depende sa pangangailangan ng iyong anak.

Maaaring gusto mong bigyan ang iyong anak ng visual na pagkakasunod-sunod. Ito ay mga serye ng mga litrato na nagpapakita ng mga hakbang na kailangan para makumpleto ang mga gawain. Maari kang gumamit ng mga tunay na litrato, mga guhit na linya, o litrato ng mga simbolo. Kapag gagamit ng visual na pagkakasunod-sunod, ilagay ito na kapantay ng mata ng iyong anak, ituro ang litrato, at basahin ng malakas bago tapusin ang aksyon.

Maari ka ring gumamit ng mga litrato para makagawa ka ng laro ng pagkakasunod sunod. Maglimbag ka lang ng mga litrato, gupitin ito, at hayaan ang iyong anak na magsanay na ilagay ito ayon sa pagkakasunod sunod. Maaari ka ring gumawa ng laro ng pagpaparehas sa pamamagitan ng paggawa ng dalawang kopya ng pagkakasunod-sunod. Idikit ang isang kopya sa piraso ng papel na nasa tama ang pagkakasunod-sunod at hayaan ang iyong anak na ipareha ang mga kard.

Narito ang halimbawa ng pagkakasunod-sunod sa 'pagtatali ng sintas ng sapatos':

1. Diinan ang sintas.
2. Hilain ang sintas.
3. Ibitin ang magkabilang dulo ng sintas mula sa sapatos.
4. Pulutin ng bawat kamay ang mga sintas.
5. I-angat ang sintas pataas sa sapatos.
6. Isalungat ang kanang sintas sa ibabaw ng kaliwang sintas para makabuo ng tatsulok.
7. Hilain ang kaliwang sintas papunta sa iyo.
8. Hilain ang kaliwang sintas mula sa dulo ng tatsulok.
9. Hilain palabas sa bawat isa ang sintas.
10. Iyuko ang kaliwang sintas para makagawa ng silo.
11. Diinan ang silo ng kaliwang kamay.
12. Ilagay ang kanang sintas sa ibabaw ng mga daliri at sa paligid ng silo.
13. Itulak ang kanang sintas papunta sa butas.
14. Hilain ang silo palabas sa bawat isa.